
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 6: Banta sa Pamilyang Pilipino



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 6: Banta sa Pamilyang Pilipino**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Gerarda M. Rosillo, Mary Jane C. Cortes |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth M. Ysulan, Michael C. Paso, Mark Lorenz C. Luib, Corazon F. Adrales, Eva P. Noynay, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion, |
| **Tagaguhit:** | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol Jr.<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 6: Banta sa Pamilyang Pilipino

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 6 para sa Aralin 1 – Banta sa Pamilyang Pilipino!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 6 para sa Aralin 1 – Banta sa Pamilyang Pilipino!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!




# *Alamin*

Napakahalaga ang gampanin ng isang magulang sa paghubog ng paniniwala, pag-uugali at gawi ng mga anak, sila ang nagiging gabay sa mabuting pakikipagkaupwa upang makapamuhay nang maayos at mapayapa. Nililinang ng mga magulang ang mga katangian ng bawat miyembro upang malampasan ang bawat dagok na dumating, kasabay nito ang pagbibigay ng maayos na edukasyon, tamang pagpapasiya at pananampalataya nang sa ganoon makamit ang ganap na pagkatao ng isang nilalang.

Mahalagang masuri ang bawat banta ng pamilya sa pagbibigay nang maayos na edukasyon, kung saan nakapagsasagawa ng akmang solusyon. Kasabay ng paglinang ng edukasyon ay ang pagkabuo nang mainam at angkop na desisyon o pagpapasiya kung paano pangangalagaan ang sarili at maging ang kaupwa nang hindi mauwi sa tampulan ng pagsisisi sa bandang huli. Kung mapagtagumpayan ang paglinang sa wastong edukasyon at pagpapasiya ay nahuhubog naman ang pananampalataya na nagsisilbing direksiyon at lakas sa pagharap sa bawat tatahaking landas at pagsasabuhay ng mga mahahalagang bagay na dapat pakatandaan para sa ikauunlad ng sarili at kaupwa.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Nasusuri ang mga banta sa pamilyang Pilipino sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog ng pananampalataya. (EsP8PB-Ic-2.2)



# *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng banta sa pag-aaral?
   A. Oras ang naging kalaban ni Chacha sa pagtapos ng mga gawaing bahay.
   B. Kahirapan ang naging dahilan kung bakit hindi agad nakapagtapos si Marco ng kolehiyo.
   C. Nagsusumikap ang magkapatid na Nina at Nene upang may maipambili ng pagkain araw-araw.
   D. Ang pagkakaiba ng paniniwala ang nagtulak kay Janine na iwanan ang pamilya at tumayo sa sariling mga paa.

2. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng banta sa pananampalataya?
   A. *Social Media* ang naging dahilan kung bakit hindi nakapagtapos si Marco sa kolehiyo.
   B. Ang kahirapan ang nagtulak sa magkapatid na Maria at Martha na maghanapbuhay.
   C. Naging mabigat ang kalooban ni Arturo sa kapatid dahil sa pagsisinungaling nito.
   D. Ang pagkakaiba ng paniniwala ang nagtulak kay Jose na magduda sa kaniyang pananampalataya.

3. Paano malalagpasan ang banta sa pagbibigay nang maayos na edukasyon?
   A. sa pag-unawa sa mga ginawang pasya
   B. sa pagkakaisa at pagtutulungan ng pamilya
   C. sa pagpaplano sa sariling buhay at kinabukasan
   D. sa pagsasabuhay sa mga gawi, tulad ng paggalang

4. Ano ang maaaring maidudulot sa pamilyang may pagkakaiba ng paniniwala?
   A. pagkalito at pagkagulo
   B. pagkapoot at pagkamuhi
   C. kalungkutan at kasiyahan
   D. pagmamahalan at pagtutulungan

5. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng banta sa pagpapasya?
   A. maingat na paghuhusga
   B. pag-unawa sa kalagayan
   C. walang maayos na unawaan
   D. padalus-dalos sa paghuhusga

6. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng matagumpay na pagharap sa mga banta sa pagbibigay ng edukasyon?
   A. Nalagpasan ni Martin ang lahat ng problema sa loob at labas ng tahanan.
   B. Makailang beses na inisip ni Keil ang sasabihin bago ito magbitiw ng salita.
   C. Kahit na napakahirap ng kalagayan ni Nel nakapagtapos pa rin ito ng may medalya.
   D. Sa labis na pangungulila ni Gaze nakagawa siya ng desisyong nagpabago sa takbo ng kaniyang buhay.

7. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng matagumpay na pagharap sa mga banta sa paggabay sa pagpapasiya?
   A. Si William ang gumagawa ng desisyon para sa kaniyang mga anak.
   B. Nakagawa ng pasiya si Alisah na pinagsisihan niya sa bandang huli.
   C. Hindi nababahala si Marga sa kaniyang kinabukasan dahil handang ibigay ng ina ang lahat ng kaniyang gusto.
   D. Binigyan ng pagkakataon ni Aling Susan ang anak na unawain ang sitwasyong kinalalagyan dahil sa ginawang pagpapasiya.

8. Suriin ang mga pahayag. Alin sa sumusunod ang may katotohanan tungkol sa mga banta sa pamilya?
   I- EDUKASYON
   II- KAHIRAPAN
   III- ORAS
   IV- TEKNOLOHIYA

   A. I, II at III
   B. I, II at IV
   C. II, III at IV
   D. I, II, III at IV

9. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng banta sa pananampalataya?
   A. Patuloy na nangangarap si Rosas na maging isang mahusay na tagakuha ng larawan.
   B. Mahal na mahal ni Aling Indang ang anak na si Kimpoy kahit ito ay may problema sa pag-iisip.
   C. Nakalimutan na ng pamilyang Dela Saturna ang linggo-linggong pagsisimba dahil naging abala ito sa mga negosyo.
   D. Magaling sa pagsusulat si Reymundo kayat gusto nitong maging isang mahusay na manunulat, ngunit hindi siya pinayagan ng kaniyang ina, sa halip ipinakuha sa kaniya ang kursong hindi niya gusto.

10. Paano malalampasan ang banta sa pagbibigay ng edukasyon sa anak?
    A. tumigil sa pag-aaral
    B. pagpapahalaga sa diwa ng edukasyon
    C. pagbabad sa paglalaro ng *mobile games*
    D. ugaliing makinig sa desisyon ng magulang

11. Narinig mong pinag-uusapan ka ng iyong mga kaklase dahil umano sa pagnanakaw ng selpon ng iyong guro, alam mo sa sarili na hindi naman ito totoo ngunit nakaramdam ka pa rin ng sobrang galit kung kaya agad mong sinuntok ang pinanggalingan ng maling balita. Tama ba ang iyong pagpapasiya?
    A. Hindi, dahil nasaktan ang damdamin
    B. Oo, dahil mali ang magpakalat ng maling balita
    C. Oo, dahil napahiya ka sa harap ng maraming tao
    D. Hindi, dahil pinairal ang galit sa halip na mag-isip muna

12. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng tamang paggabay sa pagpapasiya ng anak?
    A. Pinahahalagahan ni Ethan ang desisyon ng kaniyang anak.
    B. Sinasalungat ni Iza ang opinyon nang asawa dahil hindi niya ito gusto.
    C. Sinisigiwan ni Aileen ang bunsong anak dahil lumabas ito ng walang paalam.
    D. Pinakinggan ni Alexa ang pasya ng anak bagamat ipinagpipilitan pa rin ang kaniyang gusto.

13. Alin sa sumusunod ang pinakapangunahing banta sa pagbibigay ng edukasyon?
    A. kahirapan
    B. oras
    C. panahon
    D. Paniniwala

14. Alin sa sumusunod ang banta sa paggabay sa pagpapasiya ng anak?
    A. pagkakaiba ng paniniwala
    B. labis na pagmamahal ng magulang
    C. hindi angkop ang oras ng pagdedesisyon
    D. pagsasaalang-alang sa kapakanan ng iba

15. Alin sa sumusunod ang banta sa pananampalataya ng pamilya?
    A. pagsubok sa buhay
    B. pagkakaiba ng kultura
    C. pagkilos ng hindi pinag-iisipan
    D. pagsasaalang-alang sa kapakanan ng iba

# Aralin 1 Banta sa Pamilyang Pilipino

*"Lahat ng pagsubok malalampasan, basta't may pagtutulungan! Problema ka lang, Pamilya kami!"*

*- Anonymous*



## *Balikan*

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.

**Gawain 1: Hanap-Salita!**

Sa tulong ng *Crossword Puzzle* ay kompletuhin ang mga nakatagong letra para makabuo ng salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pababa: 1. Maayos na pagdedesisyon ng isang tao.
2. Kayamanang maipamamana ng magulang.

Pahalang: 3. Nagpatatatag ng ugnayan ng tao sa Panginoon.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 1. | P | | | | | | 2. | E | | | | |
| | | | | | | | | | | D | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | |
| 3. | | | P | | | | | | | K | | | | |
| P | | N | | N | | M | | | L | A | | | Y | A |
| | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | A | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | Y | | | | | | | N | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | |



***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.

## *Tuklasin*

**Gawain 2: Punto Ko, Suriin Mo!**

Suriing mabuti ang larawan at pagnilayan ang mga gabay na tanong.




**Gabay na tanong:**

1. Ano ang mga banta sa pamilya sa pagbibigay ng maayos na edukasyon, paggabay sa pagpapasiya at paghubog sa pananampalataya ang ipinakita sa larawan?

2. Ano ang magiging epekto sa sarili kung mapagtatagumpayan ang mga bantang nakikita sa larawan?



# Suriin

Matapos mong matutunan sa nakaraang modyul ang mga gawi o karanasan sa sariling pamilya na nagpapakita ng pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog sa pananampalataya, ngayon ihanda ang sarili sa bagong aralin. Maligayang pag-aaral sa iyo!

Likas sa pamilyang Pilipino ang pagiging masayahin at matatag sa pagharap ng kabilaang mga pagsubok sa buhay. Ang pamilya sa modernong panahon ay patuloy na humaharap sa mga banta sa pag-abot ng kani-kanilang mga hangarin para sa kaunlaran ng sarili, kaupwa at lipunan. Sumasabay sa panahon ang pagdami ng mga bantang dapat mapagtagumpayan ng pamilya.

Kung babalikan ang larawan sa bahaging ***Tuklasin*** makikita na handang umagapay ang magulang sa pagbibigay sa anak ng tamang edukasyon, paggabay sa mga desisyong gagawin at paghubog sa pananampalataya sa kabila ng napakaraming pagsubok at banta sa pamilya.

Ang banta sa pamilya ay nararapat na masulusyonan at malagpasan upang maging handa sa pagkamit ng tunay na tunguhin at kapanatagang loob bilang tao.

Ang sumusunod ay mga banta sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasiya at paghubog sa pananampalataya.

**1. Pagbibigay ng Edukasyon**

Edukasyon ang natatanging kayamanang maipamamana ng magulang sa kaniyang mga anak at magsisilbing kayamanan na babaunin habang buhay. Ang pagbibigay ng edukasyon ay isang pinakamahalagang tungkulin na kailangang mapanagutan ng magulang. Karapatan ng isang bata na magkaroon ng tamang edukasyon. Sa kabilang dako kailangan din ng magulang ang sapat na kaalaman upang makapagbahagi ng natutunan, ito ang dahilan kung bakit ang mga magulang ang pangunahing guro ng mga anak sa tahanan.

Ngunit may banta sa pagbibigay ng edukasyon sa mga anak:
a.) Kahirapan

Ito ang pinakamabigat na problemang nararanasan ng isang pamilya, dahil dito napipilitan ang mga magulang na pahintuin sa pag-aaral ang kanilang mga anak. Ngunit paano nga ba masusulusyonan ang problemang ito? Kalimitan ang ginagawa ng magulang ay ang pagtatrabaho ng lampas sa oras, minsan ay tumutulong din ang mga anak sa pagtatrabaho upang may magagamit sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Malalampasan ito kung may pagkakaisa at pagtutulungan, nang sa gayon ay magbunga ang pagsasakripisyo ng pamilya. Kapag nakapagtapos ang isang miyembro ng pamilya ay nadaragdagan ang pag-asang maiangat ang estado ng pamumuhay.

b.) Impluwensiya ng Kaibigan

Isa ito sa mga salik na nakaaapekto sa pag-aaral ng isang bata na maaaring positibo o negatibo. Ang kaibigan ay may matinding impluwensiya sa ating gawi o kilos at maging sa buong pagkatao. Hangga't maaari umiwas sa mga kamag-aral at kaibigang mahilig mag-*cutting classes*, bisyoso, lulong sa *online games* at iba pa. Ang bisyo ay bagay na nagpapakita ng katuwaan lamang ngunit nang maumpisahan ay ayaw nang tigilan na tila ba kapag hindi ito nagawa ay hindi na buo ang araw at magdudulot ng hindi maganda tulad ng pagkalimot sa responsibilidad.

Pumili ng mga kaibigang katuwang sa pag-abot ng mga pangarap hindi yaong kaibigang magdadala sa kasamaan. Siguraduhing ang kaibigan ay may pangarap sa buhay, may mabubuting hangarin para sa sarili at kaupwa, may pagmamalasakit at higit sa lahat may pananalig sa Maykapal.

c.) Diskriminasyon sa lahi

Karamihan sa mga magulang ay nahihirapan sa pagbibigay ng sapat na edukasyon sa kanilang mga anak dahil sa diskriminasyong nararasan sa lipunan. Ito ay dahil sa uri ng kanilang kulturang kinamulatan, halimbawa nito ang mga batang kabilang sa etnikong pangkat na nakararanas ng pamumuna, pambabastos, pagpapakita ng larawan o kilos na nakaiinsulto at panliliit na naging dahilan kung bakit ang mga kabataang ito ay nababahalang pumasok kahit na gustuhin man nilang magkaroon ng edukasyon ay nangingibabaw ang takot na mapahiya at madiskrimina.

d.) Pag-usbong ng Teknolohiya

Sa makabagong panahon ay malaki ang naitutulong ng mga makabagong teknolohiya sa pagtamo ng wastong edukasyon. Ito ang nagsisilbing hanguan ng mga mahahalagang impormasyon na nagpapaunlad ng kaalaman, kasanayan at kakayahan ng isang tao. Bagamat minsan sa labis na paggamit ng teknolohiya sa silid-aralan ay malinaw na may negatibong epekto sa proseso ng pag-aaral ng mga bata. Halimbawa nito ay *plagiarism* o pangongopya kung saan ang bata ay kumukuha lamang ng ideya sa internet na hindi ginagamit ang kritikal na pag-iisip, minsan din ay masyadong nalilibang ang bata sa paggamit ng teknolohiya upang makapaglaro at pagbababad sa social media sites na nailalagay sa alanganin ang pang-akademikong gawain. Kung kaya nararapat na magabayan ng magulang ang mga bata sa paggamit ng

teknolohiya upang ito ay hindi magiging banta sa pagkamit ng maayos na edukasyon.

**2. Paggabay sa Pagpapasiya**

Mahalagang mabigyan ng wastong paggabay sa pagpapasiya ang mga anak upang makagawa ng desisyong hindi pagsisihan sa bandang huli. Bilang magulang ay huwag pangunahan at gumawa ng desisyong hindi isinasanguni sa anak bagkus dapat gabayan ng magulang ang mga anak na malinang ang pagiging mahinahon, matalino, masusi sa paggawa ng tamang desisyon. Dapat malinaw sa kanila na ang positibong pagbabago sa buhay ay nagsisimula sa isang malinaw na pagpapasiya. Anuman ang bunga ng pagpapasiya ay ikaw at ikaw lang din ang may pananagutan at hindi mo pwedeng isisi sa ibang tao.

Bagama't may mga banta sa paggabay sa pagpapasiya ng anak. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

a.) Labis na pagmamahal ng magulang *(spoiling children)*

Ang sobrang pagmamahal sa anak ay hindi nakatutulong sa paggawa ng sariling desisyon kung kaya pagdating nang araw ay nahihirapan itong lutasin ang sariling problema dala ng kanilang maling pagpapasiya o kaya ito ay nagiging dahilan kung bakit ang isang bata ay halos nakadepende sa desisyon ng magulang at hindi napapanagutan ang kaniyang responsibilidad bilang tao.

b.) Kawalan ng sapat na oras sa mga anak

Ang kakulangan ng oras ay kakulangan ng paggabay sa mga anak. Kung kaya minsan ang mga bata ay nakabubuo ng maling pagpapasiya batay sa kanilang natutunan sa iba na kadalasan ay hindi makatutulong sa pagkakaroon ng maayos na desisyon at sa pagkakataong ito ay mahihirapan na ang magulang sa pagtuturo ng mga tamang kasanayang kinakilangan sa pagpapasiya.

Ang paglalaan ng oras para sa pamilya ay malaki ang naitutulong sa paggabay sa anak tungo sa maayos na kinabukasan. Kaugnay nito, ang oras ang pinakamahalagang regalong maibibigay sa mga anak na makatutulong sa paggawa ng maayos at wastong pansariling desisyon.

c.) Teknolohiya

Ang kaunlarang teknolohikal ay mas nagpapadali sa pagkuha ng impormasyon at paggawa ng anumang bagay ngunit minsan ay hindi makatutulong sa pagkaroon ng magandang pagpapasiya lalong-lalo na sa mga bata. Hindi nahihikayat ang mga batang mag-isip ng mabuti at pagsasa-alang-alang sa mga bagay bago bumuo ng desisyon. Halimbawa, kung nagagalit ang isang bata ay agad nagpahayag ng saloobin sa social media ng hindi man lang nag-iisip kung may matatapakan at masasaktan sa kaniyang ginawang kilos o pagpapasiya.

Ang teknolohiya ay hindi magiging banta sa paggabay sa pagpapasiya ng anak kung maituturo ng magulang ang wasto at tamang paggamit nito. Maglaan ng limitasyon sa oras nang paggamit ng teknolohiya.

**3. Paghubog ng Pananampalataya**

Ang pananalig sa katuruan ng isang relihiyon ay isang paraan sa paglinang ng pananampalataya. Kakambal nito ang paniniwala na sa tulong, gabay at pag-ibig ng Panginoon makakaya at malalagpasan ang bawat pagsubok na darating. Sa madaling salita ay nagkakaroon ng pag-asa ang isang tao.

Ang magulang ang pangunahing tagahubog sa pananampalataya ng anak upang malinang ang mga birtud na kailangan upang maging isang mabuting mamamayan na may takot sa Panginoon. Ngunit ang pagtuturo ay hindi madali dahil sa mga banta sa paghubog ng pananampalataya sa pamilya. Ito ay ang sumusunod:

a.) Kultura

Ipinapakita sa kultura ang pagkakakilanlan ng isang tao. May mga panahong nagiging banta ito sa paghubog ng pananampalataya dahil sa paglaganap ng maraming relihiyon sa mundo na kung saan ang mga tao ay nagkaroon ng iba't ibang pananaw at paniniwala tungkol sa pananampalataya. Halimbawa, may magkasintahan na magkaiba ang relihiyon at naiimpluwensiyahan ang paniniwala ng isa na taliwas naman sa kulturang kinagisnan at itinuro sa kaniya ng kaniyang magulang.

b.) Oras

Ang kakulangan sa oras ay isa sa mga banta sa paghubog ng pananampalataya, kung nawawalan ng oras ang magulang upang sama-samang manalangin at makapagmuni-muni ay hindi makikita at maisasabuhay ng mga anak ang kahalagahan ng pananampalataya, ganunpaman kapag naisabuhay ito magiging mas malapit sa isa't isa at mas titibay ang ugnayan ng buong pamilya.


c.) Teknolohiya

Napakalaking impluwensiya ang naidudulot ng teknolohiya sa paghubog ng pananampalataya ng isang tao. Kinakailangang maging pamilyar ang mga magulang sa mga banta ng teknolohiya upang mailayo ang mga anak sa negatibong epekto nito tungo sa paghubog ng pananampalataya.

Halimbawa, karamihan sa mga kabataan ngayon paggising pa lang sa umaga ay selpon na ang agad ang inuuna na dapat sana ay manalangin o magpasalamat muna sa Panginoon. Sa halip na ang atensiyon ay nakatuon sa paglinang ng pananampalataya ay napupunta ito sa pagbababad sa *social networking sites.*

Nararapat na maituro ang kahalagahan ng pananampalataya nang sa gayon mahubog at mapaunlad ang samahan ng pamilya. Ayain ang miyembro ng pamilya na magsimba at magdasal.


Ang mga bantang ito ay maaring magdulot ng masamang epekto sa bawat miyembro ngunit kung ang bawat isa sa pamilya ay may sapat na edukasyon nagagawa nitong igalang ang pasiya ng isa't isa upang mapaunlad ang pananampalataya. Kailangang mapagtagumpayan ang mga bantang ito sa pamilya upang maisabuhay ang mga gawi at mapagtagumpayan ang mga pagsubok na kahaharapin sa buhay.




# Pagyamanin

## Gawain 3: Suri-Larawan!


Suriin ang mga larawan at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Larawan A



Larawan B



Larawan C

1. Ano ang ipinapahiwatig sa bawat larawan?
   a) Larawan A
   b) Larawan B
   c) Larawan C
2. Ano-ano ang mga banta na kinahaharap ng bawat tauhan sa larawan?

## Gawain 4: Suri-Sitwasyon!

Suriin at patunayan ang sumusunod na sitwasyon. Isulat ang **PE** kung nagpapakita ng banta sa pagbibigay edukasyon, **PP** naman kung banta sa paggabay sa pagpapasiya at **PM** kung banta sa pananampalataya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Magkaibigan sina Jestoni at Jeaniffer, magkaiba ang kanilang paniniwala ngunit magkapareho ng hilig. Isang araw, naisip ni Jeaniffer na mag-cutting classes dahil umano sa bubuksang *mall* sa kabayanan, niyaya niya si Jestoni ngunit tumangging sumama dahil may proyekto pang tatapusin. Sa huli, sumama rin siya dahil sa pangungulit nito. Gabi na nang makauwi ang magkaibigan at agad nakatulog sa sobrang pagod. Nang pumasok siya kinabukasan ay nakita niyang kinokolekta na ng guro ang proyektong hindi niya nagawa.

| Sagot:<br><br>Patunay: |
|---|

2. Abalang-abala sa negosyo ang mag-asawang Dela Saturna, maaga kung umalis ng bahay at hating-gabi na kung makauwi, maging ang sama-samang pananalangin at pagsisimba ay nakakaligtaan ng gawin. Ito ang dahilan kung bakit nagdadalawang-isip ang mga anak sa kahalagahan ng pananampalatayang dating itinuro ng magulang.

| Sagot:<br><br>Patunay: |
|---|

3. Mahilig sa pagsusulat si Reymundo kaya gusto nitong maging isang tanyag na manunulat, ngunit pinipigilan siya ng ina na gawin ang gusto nito at pinapahanap ng trabahong may malaking sahod. Sa pagpupumilit ng ina ay nagkaroon ng depresyon ang anak na naging dahilan kung bakit hindi niya magawa nang maayos ang trabaho at humantong sa pagkasesante.

| Sagot:<br><br>Patunay: |
|---|

Pamantayan sa Pagmamarka:

10puntos-Kompletong nabigyan ng angkop na patunay ang tatlong sitwasyon.

7 puntos -Dalawang sitwasyon lang ang nabigyan ng angkop na patunay.

5 puntos -Isang sitwasyon lang ang nabigyan ng angkop na patunay.

## Gawain 5: Suri-Opinyon!

Suriin at ibigay ang iyong sariling opinyon hinggil sa salaysay na nasa kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Lumaki sa mahirap na pamilya si Cassey, namulat sa katotohanang kapag mahirap ka ay malimit lang ang opportunidad na maiangat ang estado ng pamumuhay. Ngunit alam din niyang hindi ito hadlang sa pagkamit ng mga pangarap, ginawa niyang inspirasyon ang kahirapan upang ipagpatuloy ang buhay. Sinabi nito sa sarili na, mangarap ka hindi lamang para sa sarili kung hindi para sa pamilya mo.

Pangunahing ideya:

Ang aking opinyon:

2. May sekretong ibinahagi si Mickey kay Geil. Isang araw nagkasamaan ng loob ang dalawa at sa sobrang galit ay nag-post si Geil tungkol sa katauhan ng kaibigan. Hindi niya inisip na maaaring mapahiya at malait si Mickey ng mga makababasa nito. Dahil dito naging tampulan ng tukso si Mickey hanggang sa nagpasiya itong kalimutan ang pinagsamahan at tumigil na sa pag-aaral. Lubos na pinagsisihan ni Geil ang kaniyang ginawang kilos.

Pangunahing ideya:

Ang aking opinyon:

3. Ang magkaibigang Shaira at Shane ay malapit sa isa't isa at magkasama sa lahat ng oras. Naging malapit din si Shane sa magulang ng kaibigan at anumang pagtitipon ng pamilya ay iniimbitahan siya, maging sa paglilingkod sa simbahan. Dahil dito nabago ang kaniyang pananaw hinggil sa pananampalatayang kinalakihan.

Pangunahing ideya:

Ang aking opinyon:


### Pamantayan sa Pagmamarka

| Pamantayan | Napakahusay (10 puntos) | Mahusay (8 puntos) | Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng talata | Lahat ng salaysay ay nabigyan ng ideya at opinyon nang may kahusayan. | Dalawang salaysay ang nabigyan ng ideya at opinyon nang may kahusayan. | Isaang salaysay ang nabigyan ng ideya at opinyon nang may kahusayan |

## *Isaisip*

### Gawain 6: Sampayan ng Karunungan!

Ibigay ang mga banta sa pamilya sa pagbibigay ng maayos na edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog ng pananampalataya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




Pamantayan sa Pagmamarka:

10 puntos - Kompletong nasagot ang tatlong misyon na may tamang ideya.

7 puntos - Dalawang misyon lang ang nasagot na may tamang ideya.

5 puntos - Isang misyon lang ang nasagot na may tamang ideya.

3 puntos - May naisulat na sagot pero malayo ang mga ideya.



## *Isagawa*

**Gawain7: Sulat-Talahanayan!**

Suriin ang sariling estado upang malaman kung anong banta ng pamilya ang inyong nararanasan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | Sanhi | Epekto | Solusyon |
|---|---|---|---|
| Edukasyon | | | |
| Paggalang sa Pasiya | | | |
| Pananampalataya | | | |

Batayan sa Pagwawasto:

10 puntos - Kompletong napunan ang lahat na talahanayan ng tamang sagot.

7 puntos - May dalawang hanay lamang ang napunan ng tamang sagot.

5 puntos -Isang hanay lang ang napunan ng tamang sagot.



## *Tayahin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng matagumpay na pagharap sa mga banta sa pagbibigay ng edukasyon?
   - A. Nalagpasan ni Martin ang lahat ng problema sa loob at labas ng tahanan.
   - B. Makailang beses na inisip ni Keil ang sasabihin bago ito magbitiw ng salita.
   - C. Kahit na napakahirap ng kalagayan ni Nel nakapagtapos pa rin ito ng may medalya.
   - D. Sa labis na pangungulila ni Gaze nakagawa siya ng desisyong nagpabago sa takbo ng kaniyang buhay.

2. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng matagumpay na pagharap sa mga banta sa paggabay sa pagpapasiya?
   - A. Si William ang gumagawa ng desisyon para sa kaniyang mga anak.
   - B. Nakagawa ng pasiya si Alisah na pinagsisihan niya sa bandang huli.
   - C. Hindi nababahala si Marga sa kaniyang kinabukasan dahil handang ibigay ng ina ang lahat ng kaniyang gusto.
   - D. Binigyan ng pagkakaton ni Aling Susan ang anak na unawain ang sitwasyong kinalalagyan dahil sa ginawang pagpapasiya.

3. Suriin ang mga pahayag. Alin sa sumusunod ang may katotohanan tungkol sa mga banta sa pamilya?

   I- EDUKASYON
   II- KAHIRAPAN
   III- ORAS
   IV- TEKNOLOHIYA

   A. I, II at III
   B. I, II at IV
   C. II, III at IV
   D. I, II, III at IV

4. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng banta sa pananampalataya?
   A. Patuloy na nangangarap si Rosas na maging isang mahusay na tagakuha ng larawan.
   B. Mahal na mahal ni Aling Indang ang anak na si Kimpoy kahit ito ay may problema sa pag-iisip.
   C. Nakalimutan na ng pamilyang Dela Saturna ang linggo-linggong pagsisimba dahil naging abala ito sa mga negosyo.
   D. Magaling sa pagsusulat si Reymundo kayat gusto nitong maging isang mahusay na manunulat, ngunit hindi siya pinayagan ng kaniyang ina, sa halip ipinakuha sa kaniya ang kursong hindi niya gusto.

5. Paano malalampasan ang banta sa pagbibigay ng edukasyon sa anak?
   A. tumigil sa pag-aaral
   B. pagpapahalaga sa diwa ng edukasyon
   C. pagbabad sa paglalaro ng *mobile games*
   D. ugaliing makinig sa desisyon ng magulang

6. Narinig mong pinag-uusapan ka ng iyong mga kaklase dahil umano sa pagnanakaw ng selpon ng iyong guro, alam mo sa sarili na hindi naman ito totoo ngunit nakaramdam ka pa rin ng sobrang galit kung kaya agad mong sinuntok ang pinanggalingan ng maling balita. Tama ba ang iyong pagpapasiya?
   A. Hindi, dahil nasaktan ang damdamin
   B. Oo, dahil mali ang magpakalat ng maling balita
   C. Oo, dahil napahiya ka sa harap ng maraming tao
   D. Hindi, dahil pinairal ang galit sa halip na mag-isip muna

7. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng tamang paggabay sa pagpapasiya ng anak?
   A. Pinahahalagahan ni Ethan ang desisyon ng kaniyang anak.
   B. Sinasalungat ni Iza ang opinyon nang asawa dahil hindi niya ito gusto.
   C. Sinisigiwan ni Aileen ang bunsong anak dahil lumabas ito ng walang paalam.
   D. Pinakinggan ni Alexa ang pasya ng anak bagamat ipinagpipilitan pa rin ang kaniyang gusto.

8. Alin sa sumusunod ang pinakapangunahing banta sa pagbibigay ng edukasyon?
   A. kahirapan
   B. oras
   C. panahon
   D. paniniwala

9. Alin sa sumusunod ang banta sa paggabay sa pagpapasiya ng anak?
   A. pagkakaiba ng paniniwala
   B. labis na pagmamahal ng magulang
   C. hindi angkop ang oras ng pagdedesisyon
   D. pagsasaalang-alang sa kapakanan ng iba

10. Alin sa sumusunod ang banta sa pananampalataya ng pamilya?
   A. pagsubok sa buhay
   B. pagkakaiba ng kultura
   C. pagkilos ng hindi pinag-iisipan
   D. pagsasaalang-alang sa kapakanan ng iba

11. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng banta sa pag-aaral?
   A. Oras ang naging kalaban ni Chacha sa pagtapos ng mga gawaing bahay.
   B. Kahirapan ang naging dahilan kung bakit hindi agad nakapagtapos si Marco ng kolehiyo.
   C. Nagsusumikap ang magkapatid na Nina at Nene upang may maipambili ng pagkain araw-araw.
   D. Ang pagkakaiba ng paniniwala ang nagtulak kay Janine na iwanan ang pamilya at tumayo sa sariling mga paa.

12. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng banta sa pananampalataya?
   A. *Social Media* ang naging dahilan kung bakit hindi nakapagtapos si Marco sa kolehiyo.
   B. Ang kahirapan ang nagtulak sa magkapatid na Maria at Martha na maghanapbuhay.
   C. Naging mabigat ang kalooban ni Arturo sa kapatid dahil sa pagsisinungaling nito.
   D. Ang pagkakaiba ng paniniwala ang nagtulak kay Jose na magduda sa kaniyang pananampalataya.

13. Paano malalagpasan ang banta sa pagbibigay nang maayos na edukasyon? Sa pamamagitan ng:
   A. pag-unawa sa mga ginawang pasya
   B. pagkakaisa at pagtutulungan ng pamilya
   C. pagpaplano sa sariling buhay at kinabukasan
   D. pagsasabuhay sa mga gawi, tulad ng paggalang

14. Ano ang maaaring maidudulot sa pamilyang may pagkakaiba ng paniniwala?
   A. pagkalito at pagkagulo
   B. pagkapoot at pagkamuhi
   C. kalungkutan at kasiyahan
   D. pagmamahalan at pagtutulungan

15. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng banta sa pagpapasya?
    A. maingat na paghuhusga
    B. pag-unawa sa kalagayan
    C. walang maayos na unawaan
    D. padalus-dalos sa paghuhusga

## *Karagdagang Gawain*

**Gawain 8: Tala ng Karunungan!**

Panuto: Magtala ng mga tigtatatlong gawain na makatutulong upang malinang ng magulang ang maayos na edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog sa pananampalataya ng anak. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pamantayan sa Pagmamarka:

10 puntos - Kompletong nabigyan ng tigtatatlong gawain ang bawat misyon ng pamilya na may tamang ideya.

8 puntos - May isang kulang na gawain sa alinman sa tatlong misyon ng pamilya

5 puntos - May mga kulang na gawain sa alinman sa tatlong misyon ng pamilya

3 puntos - May naisulat na gawain pero malayo ang mga ideya

# *Susi sa Pagwawasto*

**Tayahin**

1.C
2.D
3.C
4.C
5.B
6.D
7.A
8.A
9.B
10.B
11.B
12.D
13.B
14.A
15.D

**Balikan**

Gawain 1

1. Pagpapasya
2. Pananampalataya
3. Edukasyon

Pagyamanin
Gawain 3
1.a.paghubog ng pananampalataya
   b.pagbigay ng edukasyon
   c.paggabay sa mabuting pagpapasya
2. oras, kahirapan,teknolohiya

**Gawain 4**
1. PE
2. PM
3. PP

**Gawain 5**
1. Kahirapan
2. Pagpapasya
3. Pananampalataya

**Subukin**

1. B
2. D
3. B
4. A
5. D
6. C
7. D
8. C
9. C
10. B
11. D
12. A
13. A
14. B
15. B

## *Sanggunian*

2018. *kidslox.com.* Accessed June 4, 2020. https:kidslox.com/blog/top-5-negative-effects-of-technology-you-dont-suspect/.

Peterson, R. 2009. *pubs.ext.vt.edu.* Accessed May 21, 2020. https://www.pubs.ext.vt.edu/350/350-092/350-092.ht.

n.d. *Save the children.* Accessed June 4, 2020. https://www.savethechildren.org.nz/what-we-do/the-issues/education.

Taylor, J. 2013. *Psychology Today.* January 7. Accessed June 4, 2020. https://www-psychologytoday-com.cdn.amproject.org.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph